| MATATAG Kurikulum Lingguhang Aralin | Paaralan | | Baitang/Alap | |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro | | Asignatura | Good Manners and Right Conduct (GMRC) |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo | | Markahan | Kwarter 1/ Ikaanim na Linggo |

| | Unang Araw | Ikalawang Araw | Ikatlong Araw | Ikaapat na Araw | Ikalimang Araw |
|---|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mag-aaral ang pag-unawa sa sariling pagpapahalaga sa mga yaman mula sa kapaligiran. | | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mag-aaral ang pagbabahagi ng mga yaman na mula sa kapaligiran upang malinang ang pagiging mapagpasalamat. | | | | |
| *C. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang pagiging mapagpasalamat sa pamamagitan ng pag-iingat ng mga yamang mula sa kapaligiran.<br>b. Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa<br>c. Naipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran | | | | |
| *D. Mga Layunin* | -Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.<br>- Naipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran. | -Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.<br>- Naipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran. | -Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.<br>- Naipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran. | -Naiuugnay na ang sariling paraan ng pag-iingat sa mga yaman mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.<br>- Naipahahayag ang pagpapasalamat sa mga yaman na mula sa kapaligiran. | |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Sariling Paraan ng Pag-iingat sa Mga Yamang Lupa na mula sa Kapaligiran** | **Sariling Pagpapahalaga sa Mga Yaman mula sa Kapaligiran** | **Sariling Paraan ng Pag-iingat sa Mga Yamang Tubig na mula sa Kapaligiran** | **Sariling Pagpapahalaga sa Mga Yaman mula sa Kapaligiran** | **Ikatlong Lagumang Pagsusulit sa GMRC 1** |
| **III. MGA KAGAMITANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | | |
| *A. Sanggunian* | MATATAG Curriculum Good Manners and right Conduct CG 2023 Pahina 34 | MATATAG Curriculum Good Manners and right Conduct CG 2023 Pahina 34 | MATATAG Curriculum Good Manners and right Conduct CG 2023 Pahina 34 | MATATAG Curriculum Good Manners and right Conduct CG 2023 Pahina 34 | |

<table>
<tr><td>B. Iba pang Kagamitan</td><td>mga larawan, power point presentation, activity sheets</td><td>mga larawan, power point presentation, activity sheets</td><td>mga larawan, power point presentation, activity sheets</td><td>mga larawan, power point presentation, activity sheets</td><td></td></tr>
<tr><td colspan="6">IV. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO</td></tr>
<tr><td colspan="6">Bago Ituro ang Aralin</td></tr>
<tr><td>Panimulang Gawain</td><td>Balik-Aral:<br><br>Sabihin ang THUMBS UP kung ang mga sumusunod na halimbawa ay yamang lupa at THUMBS DOWN naman kung hindi.<br>1. puno<br>2. halaman<br>3. telepono<br>4. mga hayop<br>5. tsinelas</td><td>Umawit Tayo!<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=yEd-VPfjahQ<br>
<br>Mga Tanong:<br>1. Tungkol saan ang ating inawit?<br>2. Paano mo inaalagaan ang ating kalikasan?</td><td>Balik-Aral:<br><br>Sabihin ang THUMBS UP kung ang mga sumusunod na halimbawa ay yamang tubig at THUMBS DOWN naman kung hindi.<br>1. mga isda<br>2. libro<br>3. perlas<br>4. alimango<br>5. telebisyon</td><td>Umawit Tayo!<br><br>https://www.youtube.com/watch?v=dPTqa6CUJEU<br>
<br>Mga Tanong:<br>1. Tungkol saan ang ating inawit?<br>2. Ano raw ang dapat natin gawin sa ating mundo?</td><td></td></tr>
<tr><td>Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin</td><td>Mga bata, ngayong araw ay tatalakayin natin ang inyong sariling paraan ng pag-iingat sa mga yamang lupa mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.</td><td>Mga bata, ngayong araw ay tatalakayin natin ang inyong pagpapahayag ang pananagutan sa mga likas na yaman mula sa kapaligiran.</td><td>Mga bata, ngayong araw ay tatalakayin natin ang inyong sariling paraan ng pag-iingat sa mga yamang tubig mula sa kapaligiran ay pagpapasalamat sa mga biyayang tinatamasa.</td><td>Mga bata, ngayong araw ay tatalakayin natin ang inyong pagpapahayag ng pasasalamat sa mga likas na yaman mula sa kapaligiran.</td><td></td></tr>
<tr><td>Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin</td><td>Unlocking of Difficulties:<br>>kapaligiran - ang kabuuan ng mga bagay at pisikal na kondisyon sa paligid na nakakaapekto sa pamumuhay at pag-unlad ng tao, hayop, at halaman.</td><td>Unlocking of Difficulties:<br>>pananagutan - isang responsibilidad kung saan ang isang tao ay inaasahang magbibigay ng paliwanag sa mga taong nasasakupan.</td><td>Unlocking of Difficulties:<br>>pag-iingat - ang pagkakaroon ng maingat na kilos at atensyon upang maiwasan ang panganib at maprotektahan ang sarili o iba mula sa posibleng pinsala.</td><td>Unlocking of Difficulties:<br>>pasasalamat - ay pagpapakita ng pagpapahalaga, na tumutulong sa atin na magpakumbaba, dahil kinikilala natin ang pagpapakita ng kabaitan, paglilingkod, o pagmamalasakit ng iba na</td><td></td></tr>
</table>

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | | | | nagpapasigla at nagpapalakas sa atin. | |
| **Habang Itinuturo ang Aralin** | | | | | |
| Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya | Drill Board<br><br>Panuto: Itaas ang masayang mukha 😊 kung wasto ang ipinapakita sa larawan at malungkot na mukha ☹ kung hindi.<br><br>1. <br>2. <br>3.  | Tumula Tayo!<br><br>Basahin natin ang tula na "Ako, Ikaw, Tayo ay may Pananagutan" at sagutin ang tanong pagkatapos.<br><br>**"Ako, Ikaw, Tayo'y May Pananagutan"**<br><br>Ang kalikasan ay dapat pahalagahan.<br>Madami itong naidudulot at maraming pakinabang.<br>Kaya marapat lamang na ating pag-ingatan.<br>Pagyamanin natin at mahalin ang kalikasan.<br>Dahil ako, ikaw, tayo ay may pananagutan. | Drill Board<br><br>Panuto: Itaas ang masayang mukha 😊 kung wasto ang ipinapakita sa larawan at malungkot na mukha ☹ kung hindi.<br><br>1. <br>2. <br>3.  | Pag-aralan Natin!<br><br>Ano ano bang mga produkto ang makukuha natin mula sa mga likas na yaman?<br><br>1. Mula sa mga yamang lupa tulad ng hayop, makakakuha tayo ng mga karne, isda, ilog, at gatas.<br>2. Mula sa mga halaman, makakakuha tayo ng mga gulay, prutas, at sinulid na sangkap sa paggawa ng mga tela.<br>3. Mula sa mga yamang tubig, makakakuha tayo ng mga alimango, perlas, hipon, pusit, at iba pa. | |
| Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Talakayin Natin!<br><br>Bilang isang bata, may magagawa ka sa pag-iingat ng mga yamang lupa mula sa kapaligiran sa iyong sariling paraan.<br><br>1. Paglilinis ng Paligid | Sagutin ang mga tanong:<br>1. Sino sino ang may pananagutan sa ating kalikasan?<br>2. Ano ano ang dapat gawin sa kalikasan?<br>3. Paano natin dapat ituring ang kalikasan?<br>4. Mahalaga ba na alagaan, ingatan, at pagyamanin ang mga ito. Bakit? | Talakayin Natin!<br><br>Bilang isang bata, may magagawa ka sa pag-iingat ng mga yamang tubig mula sa kapaligiran sa iyong sariling paraan.<br><br>1. Huwag gumamit ng dinamita sa pangingisda. | Sagutin ang mga tanong;<br><br>1. Mahalaga ba ang mga likas na yaman sa atin?<br>2. Ano ano ang mga naibibigay ng mga likas na yaman sa atin?<br>3. Dapat ba tayong magpasalamat sa mga biyayang ating natatanggap mula sa likas na yaman? | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | 2. Pagtatapon ng basura sa tamang tapunan<br>3. Paghihiwalay ng mga Nabubulok sa Di-Nabubulok na Basura<br>4. Pagtatanim ng Mga Puno at Halaman<br>5. Pag-iwas sa Papuputol ng mga Puno | | 2. Iwasan ang pagtatapon ng mga basura sa tubigan. | Bakit?<br>4. Ano ang magagawa mo upang mapangalagaan ang ating mga likas na yaman? | |
| Pagpapalalim ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa /Susing Ideya | Ang ating kapaligiran ay mahalaga. Ito ay nagbibigay sa atin ng kabuhayan, tirahan, pagkain, at marami pang magagandang bagay. Kaya naman dapat natin itong pahalagahan at ingatan. | Ang pananagutan ay kasingkahulugan ng tungkulin o obligasyon. Ito ay dapat ng isang grupo o tao para sa kaniyang sarili at para sa kaniyang komunidad. | Maaari nating mapangalagaan ang ating kapaligiran sa maraming paraan upang ito ay mapanatili nating malinis at maganda. | Bilang pagpapasalamat sa ating mga biyayang natatanggap mula sa likas na yaman, marapat na atin itong mahalin at alagaan. | |
| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | | |
| Paglalapat at Paglalahat | Tandaan:<br>Bilang isang bata, may magagawa ka sa pag-iingat ng mga yamang lupa mula sa kapaligiran sa iyong sariling paraan. | Tandaan:<br>Ang bawat isa ay may pananagutan sa pangangalaga sa likas na yaman at pagpapanatili ng kalinisan ng komunidad. | Tandaan:<br>Bilang isang bata, may magagawa ka sa pag-iingat ng mga yamang tubig mula sa kapaligiran sa iyong sariling paraan. | Tandaan:<br>Mahalaga na matututunan natin na magpasalamat sa mga biyayang ating tinatamasa mula sa ating likas na yaman. | |
| Pagtataya ng Natutuhan | Panuto: Isulat ang TAMA kung ito ay pag-iingat sa likas na yamang lupa at MALI naman kung hindi.<br><br>_______1. Illegal Logging o Pagpuputol ng Puno | Panuto: Iguhit and masayang mukha 😊 kung ang pahayag ay nagpapakita ng pananagutan sa likas na yaman at malungkot na mukha ☹ kung hindi. | Panuto: Isulat ang WASTO kung ito ay pag-iingat sa likas na yamang tubig at DI-WASTO naman kung hindi. | Panuto: Isulat ang SANG-AYON kung ang bata sa pahayag ay nagpapasalamat sa mga biyaya ng likas na yamang at DI SANG-AYON naman kung hindi. | |

| | | | | | |
|---|---|---|---|---|---|
| | _______2. Reforestation o Pagtatanim ng mga Puno<br>_______3. Illegal Mining o Pagmimina<br>_______4. Pagsasagawa ng 3R's o Reuse, Reduce at Recycle<br>_______5. Forest Fire o Kaingin | ____1. Paggamit ng nakalalasong kemikal sa pangingisda.<br>____2. Pangangalaga sa mga likas na yaman.<br>____3. Pagsusunog ng mga basura.<br>____4. Paglilinis ng paligid.<br>____5. Pagtapos ng mga basura kung saan-saan. | ________1. Dynamite Fishing o Paggamit ng Dinamita<br>________2. Cyanide Fishing o Paggamit ng Nakalalasing Kemikal<br>________3. Paglilinis ng mga Kanal<br>________4. Pagtatanim ng mga puno sa tabi ng ilog<br>________5. Pagtatapon ng mga patay na hayop sa ilog. | ________1. Dahang dahan pinitas ni Arman ang mangga mula sa puno upang hindi mabali ang sanga.<br>________2. Binubuhusan ng alcohol ni Felix ang makikitang isda sa sapa.<br>________3. Kinagatan lang ni Bella ang mansanas at tinapon na ito.<br>________4. Tinatapon lang ni Jastine sa ilog ang dumi ng kaniyang alagang aso.<br>________5. Palaging dinidiligan ni Bea ang mga halaman sa paligid. | |
| Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat) | | | | | |
| Mga Tala | | | | | |
| Repleksiyon | | | | | |
| Takdang-Aralin | Panuto: Sa pamamagitan ng pagguhit, ipakita ang iyong sariling paraan kung paano mo iniingatan ang mga likas na yamang lupa sa kapaligiran. Gawin ito sa loob ng kahon. | Panuto: Gumuhit ng poster ayon sa temang, "Bilang Bata: May Pananagutan Ako Sa Ating Kalikasan". | Panuto: Sa pamamagitan ng pagguhit, ipakita ang iyong sariling paraan kung paano mo iniingatan ang mga likas na yamang tubig sa kapaligiran. Gawin ito sa loob ng kahon. | Panuto: Sumulat ng isang panalangin na nagpapahiwatig ng iyong pasasalamat sa mga likas na yamang ating tinatamasa. | |